

1

Bacoor, Cavite...

“Louella, Gummy Bear, sandali naman!” tawag kay Louella ng longtime boyfriend niyang si Donald habang hinahabol siya nito pababa ng hagdanan ng condominium building kung saan mayroon siyang unit.

Alas onse na subalit bata pa ang gabi para sa mga tao sa paligid. Pakiramdam niya ay parang sinasaksak ang kanyang dibdib habang naririnig ang mga awit-Pamasko. Siyam na araw na lang ay Pasko na, subalit heto siya... miserable.

“What you saw was nothing! She is just a fling!”

Fling! What an alibi! Hindi siya lumingon. Nais niyang ipakita rito na hindi na siya ang dating Louella na nagpapauto sa matatamis nitong pananalita. After what she saw a while ago, she couldn't afford to forgive him. Kung dati ay para siyang tutang sunud-sunuran sa mga gusto nito, hindi na ngayon. Hindi na!

“Mga hayop kayo!” asik niya habang patakpong tinungo ang bukana ng condominium. “Hayop ka,

Donald, wala kang ipinagkaiba sa mga manyak sa beerhouse!”

“Gummy Bear naman! Lalaki ako at may pangangailangan kaya ganoon. Palagi kang wala. Wala ka nang panahon sa akin. Please naman pakinggan mo ako!”

Nairita siya sa sinabi nito. Kung ganoon pala ay parausan lang siya nito. Nagkakandakuba siya sa pagtatrabaho para sa kanilang kinabukasan. Kahit gabi ang schedule niya sa *Philippine General Hospital* ay tinanggap niya pagkatapos ito pa ang gagamiting rason laban sa kanya ng hudas na ito! Tumigil siyang bigla at hinarap ito.

Hindi siya nagdalawang-isip nang sampalin niya ang nobyo kahit pa maraming tao sa paligid. Lalo siyang nagngitngit nang suriing mabuti ang magulo nitong ayos at ang baligtad na pagkakasuot nito ng t-shirt.

“I hate you! Bumalik ka na sa babae mo!” Hindi man lang ito natinag ng kanyang sampal.

“No, ikaw ang mahal ko!”

“Anong klaseng hayop ka ba, Donald? Pagkatapos mong magpakaligaya sa piling ng babaeng ’yon, nandito ka sa harap ko para sabihing ako ang mahal

mo? Do you think it will still make sense?”

Lalong uminit ang kanyang ulo nang maalala niya ang tagpong bumungad sa kanya nang buksan niya ang pinto ng condo unit nila. Nakapaimbabaw si Donald sa isang babae. Kapwa walang mga saplot ang mga ito at tila naghahabol ng hininga. They were about to reach their climax when she came in. Nataranta bigla ang lalaki nang magwala siya at magbasag ng gamit. Hindi na nito natapos ang nasimulan sa kaniig dahil inamo-amo na siya nito.

“At ano’ng gusto mo, makipaghiwalay? Dahil lamang sa isang casual sex ay basta mo na lang itatapon ang tatlong taong relasyon natin, Louella? Kailan ba tayo huling lumabas? About a year ago? Puro ka trabaho!”

Napamura ang dalaga, pagkuwan ay tumalikod na siya at mabilis na tinungo ang parking area. Subalit bago pa man siya makapasok ng kanyang sasakyan ay nahila ni Donald ang kanang braso niya at pilit na hinarap siya.

“Huwag kang bastos!”

Nanakit ang braso niya kaya sapilitan siyang nagpumiglas at nakawala siya. “Bastos lang ako sa taong mas bastos! Ikaw ang malakas ang loob na

magsabing itinatapon ko ang tatlong taong relasyon natin gayong *ikaw* ang gumagawa ng kabulastugan! Shit ka, Donald, shit ka!”

Hindi napaghandaan ni Louella nang siya naman ang sampalin nito. Napahandusay siya sa sahig ng parking lot habang sapo ang nanakit na pisngi. Tinitigan niya ito nang masama, subalit sa halip na masindak ay lumapit pa ito at tila bola ng basketball na kinuyom nito ang kanyang baba. Ramdam niya ang pagbaon ng mga daliri nito sa magkabila niyang pisngi.

Hindi niya mapigilang mapaiyak. Sa tatlong taon nilang pagsasama, ito na ang pinakamalala nilang away. Dati-rati ay pawang pagsama-sama niya sa matalik niyang kaibigan ang dahilan ng kanilang mga away. Kahit babae iyon ay pinagseselosan ni Donald.

Nitong nakalipas na linggo, maging ang oras niya sa trabaho ay kinukuwestyon nito. Kesyo kahit gabi minsan ay naka-duty siya sa *PGH* at maski weekends ay may mga dinadaluhan pa siyang pasyente. Demanding ang trabaho niya bilang resident physician ng pediatrics department ng naturang ospital kaya natural nang magkulang ang oras niya para rito. Ang kanya lang ay sana inuunawa nito ang kalagayan niya at hindi na dumagdag pa sa kanyang mga alalahanin.

“Don’t talk to me like that, Louella! At pag sinabi kong pakinggan mo ako, pakikinggan mo ako!”

Nagtapang-tapangan siya sa pamamagitan ng muling pagpupumiglas, subalit walang panama ang kanyang lakas sa lakas nito. Ninais niyang sumigaw subalit walang tao roon na maaaring tumulong sa kanya.

“Bakit? Ano’ng gagawin mo, papatayin mo ako? Go ahead!”

Padarag siyang binitawan nito. “Mapipilitan akong saktan ka pa lalo kapag ipinagpilitan mo ang paglayo sa akin!”

Tumayo siya. “Hindi mo ako pag-aari! Wala kang karapatang kontrolin ang buhay ko! Ni hindi kita asawa!”

“Hindi man kita asawa pero *akin* ka!”

“Bakit? Natatakot kang mawalan ng kabuhayan?” Ito kasi ang nagpapatakbo ng kanyang negosyo. “Ibebenta ko na kay Roan ang *Bullet and Trigger!*” Si Roan ang *NBI* agent na kaibigan ni Donald na nais na makipagsosyo sa kanila sa naturang negosyo. “Pupulutin ka sa lansangan. Ngayong may access ka sa pera ko, kung sino-sinong babae ang kinakalantari mo. Tingnan lang natin ngayon kung may pumatol

pa sa 'yo kapag mahirap ka pa sa daga!”

“Hindi mo gagawin 'yan!”

Tumayo siya subalit muli siyang hinawakan nito sa magkabila niyang braso. “Wala na akong natitira pang damdamin para sa iyo kundi suklam at pandidiri! Ikulong mo man ako, wala ka nang mapipiga sa akin. Noon, napagpapasensyahan ko pa ang mga pagseselos mo, pero ngayong nakita mismo ng dalawang mata ko kung gaano ka kahayop, wala na akong magagawa! Sayang lang ang pagmamahal ko para sa 'yo! Pero tinuldukan ko na ang kahangalan ko sa 'yo, hayop ka! It's over!”

Itinulak niya ito nang buong lakas kaya natumba ito nang patihaya. Pakiramdam niya ay nagkaroon siya ng adrenaline rush. Hindi na siya nag-aksaya pa ng panahon. Kaagad siyang pumasok sa kanyang sasakyan subalit humarang ang lalaki. Dumapa ito na para bang kaya nitong harangin ang humahagibis na *Mercedes-Benz*.

“No one could ever turn Donald Torrecampo down! Papatayin muna kita, Louella!”

Desidido na siyang sagasaan ito nang makailag ito kapagkuwan. Ni hindi man lamang siya tumigil nang makita niyang nagpagulong-gulong ito sa

semento. Luhaan ang mga mata at may suklam sa pusong nilisan niya ang lugar na iyon.

Balisa ang kanyang isip. Bagabag ang kanyang loob. “Shit! Ngayon pa nangyari ito! Diyos ko! Bakit?” naibulalas niya nang hindi na pinag-iisipan pa kasunod ng paghampas niya sa manibela ng kanyang sasakyan.

Malakas man ang kanyang pananampalataya subalit may hinanakit na namahay sa kanyang dibdib. Sa loob kasi ng isang araw ay tatlong kamalasan ang inabot niya. Isang sanggol na bagong panganak ang namatay sa mga kamay niya. Bagaman hindi siya responsible sa gayong pangyayari sapagkat premature at dati nang may-sakit ang bata, may bahid pa rin ng guilt siyang nararamdaman. She was one of the best pediatricians in the country, pero namatayan siya ng pasyente. Hindi niya matanggap iyon. Nagpaalam siya sa head ng pediatrics department para sa isang indefinite leave upang makalimutan ang nangyari.

Nadoble pa ang kamalasan niya nang madukutan siya sa labas ng ospital. Hindi na niya iyon napansin dahil balisa siya. Tumuloy siya sa condo unit para makahanap ng karamay sa kanyang niloloob nang maabutan niya ngang may katalik ang walanghiya niyang kasintahan.

Nag-iiyak siya. Naisip niya ang kanyang mga magulang na umaasa sa kanya. Bagaman naiahon na niya ang mga ito sa hirap ay may dalawa pa siyang pinag-aaral na kapatid. Nag-aabot pa rin siya ng pera sa mga ito paminsan-minsan kahit na napatayuan na niya ng bahay at sariling tingiang tindahan. Kung hindi nga sa scholarship na nakuha niya ay hindi siya makakapag-aral ng Medicine sa *UST*.

Bigla siyang kinutuban nang masama nang maalala ang mga magulang. Kaagad niyang dinukot ang cellphone sa kanyang sling bag at tinawagan ang ina. Naisip niyang baka ito ang pagbuntunan ni Donald. Alam kasi nito na kapag kaligtasan na ng pamilya niya ang nakataya ay lalabas at lalabas siya sa kanyang pinagtataguan.

Sinabi niya sa ina na pumunta muna ang mga ito sa Cebu. Sa kabila ng pagtatanong nito ay tumalima ang mga ito.

Wala siyang mukhang ihaharap sa kanyang pamilya. Noon pa man ay pinagpayuhan na siya ng ina sa pakikipagrelasyon niya kay Donald na walang tinapos sa pag-aaral nito. Siya itong nagmatigas. Ang mga iyon ang laman ng kanyang utak habang nagmamaneho papunta sa kawalan.

Nais niyang takasan ang daigdig... ang buhay.

Alam niyang hindi kapani-paniwala ang pagpapaalam niya sa magulang. Nagpaalam siyang dadalo sa isang biglaang seminar sa Baguio. Naisip niyang puntahan na lang ang kaibigang na-assign sa isang liblib na lugar. Tinawagan niya ito subalit hindi niya makontak.

Ipinarada niya ang kotse sa gilid ng kalsada sa tapat ng *SM Bacoor*. Matao pa rin sa naturang lugar dahil may Christmas sale. Muli siyang tumawag sa kaibigan, ngunit hindi niya talaga makontak ito.

Pagbaling niya sa kalsada ay tumambad sa kanyang harapan ang mabalasik na mukha ni Donald na lulan ng binili niyang motorsiklo para rito noong nakaraang buwan. Nakasunod lang pala ito sa kanya kanina pa. Nahintakutan siya.

“Sinabi ko naman sa ’yo, hindi mo ako matatakasan!”

Hindi na niya naisip pang pumasok sa kotse, sa halip ay tumakbo siya papasok ng mall. Batid niyang humahabol pa rin ito kaya binilisan niya ang pagtakbo hanggang sa dalhin siya ng kanyang mga paa sa parking lot ng naturang mall. Hindi niya alam ang gagawin. Hindi na niya alam kung saan tutungo. Hanggang sa may makita siyang lalaking papasok sa parking lot. Aburido ang anyo nito at padarag na

binuksan ang sasakyan. An idea visited her mind. Desperado na siya!

“*De La Merced Telecommunications* will double its price just to have the property, Doña Dolores,” panimula ni Christian de la Merced, ang vice president ng nabanggit na kompanya habang nakikipag-negotiate sa matriarch ng mga Cuevas. Kasalukuyan silang nasa *Max’s* restaurant ng *SM Bacoor*.

“I’m afraid, hindi na namin maibebenta sa inyo ang property, Mr. de la Merced,” sagot ng matanda matapos sumipsip ng iced tea. “Nakapangako na ako sa anak ko. Nakapangako na rin ako sa mga magsasaka ng Sitio Cuevas na patatayuan namin ang lugar na ’yon ng *Children’s Center* para sa mga anak ng magsasakang walang kakayahang magpaaral sa public school. I can’t say no to my only son, Mr. de la Merced.”

Nadismaya siyang bigla. Bigo siya sa pagbili ng property. *Hindi maaari ’yon!* naisip niya.

“Pero akala ko ba may usapan na tayo na sa amin mo ipagbibili ang lupa? I don’t care if it will cost millions, Madam. Wala kayong mahihita sa pinagbabalakan ninyong *Children’s Center*. It is a

dead investment.”

“Tama ka. At nag-usap na nga tayo before,” pakli ni Doña Dolores, “That’s why I am asking an apology. Hindi ko na maiuurong pa ang bagay na iyon. Sa katunayan, naibigay ko na ang mga titulo ang mga kasama namin sa lupa.”

Sumimangot siya. Alam niyang nahahalata iyon ng kausap. Kailangan niya ang pagsang-ayon nito hindi para sa sarili niyang interes kundi dahil iyon ang kagustuhan ng kanyang amang si Don Roman de la Merced. Ganoon pa man, tiyak na ikagagalit ng huli kapag nalaman nitong hindi na nila mabibili ang lupain.

Hindi nagtagal ay nagpaalam na rin siya sa kausap. Ganoonpaman, hindi niya maaaring tanggapin ang gayong kabiguan. Naisip niyang mag-iba ng strategy. Ngunit tanging maruruming pamamaraan lamang ang pumapasok sa utak niya. Hindi niya maaatim ang mga iyon.

He has to win this one. Dahil kung hindi, mababasa ang papel niya sa ama. Maliban sa mayaman at maimpluwensya ito, mabagsik din si Don Roman kahit sa kanilang mga anak nito. Ayaw niyang makatikim ng kabagsikang iyon. Kailangan niyang makuha ang lupa.

It is really a very strategic place for beaches. The place is very close to nature. Kakaunti rin kasi ang beach resorts sa San Bartolome kaya hindi gaanong magiging prolema ang kompetisyon.

“What!” malakas na tugon ni Don Roman sa kabilang linya ng telepono nang ibalita niya ang napag-usapan nila ni Doña Dolores. Papunta na siya noon sa parking lot ng *SM Bacoor*. “Hindi maaari, Christian! You have to do something to fix this. Huwag mong hintaying maunahan pa tayo ng ibang negosyante na magpatayo ng mga resorts sa San Bartolome bago ka makagawa ng paraan!”

“Yes, Sir!” sagot niya. Iyon ang tawag niya sa ama kapag sila ay may pinag-uusapan tungkol sa negosyo. Sa bahay lamang niya ito natatawag ng ‘Dad’. “Pero ang alam ko, Sir, ipinagbibili rin ng mga Robles ’yung—”

“I don’t care!” Halos mabingi siya sa sagot ng ama. “Asikasuhin mo ang pagbili ng lupa sa mga Cuevas sa San Bartolome! My only concern is Sitio Cuevas! Ano ang mahihita ko sa lupa ng mga Robles, graba?” Malapit kasi ang lupain ng mga Robles sa paanan ng bulkan at minsan nang dinaanan ng lahar.

“Ang akin lang ay—”

“Huwag ka nang mangatuwiran!” dugtong nito. “Akala ko naituro ko na sa ’yo ang lahat-lahat ng tungkol sa negosyo at tamang pagdedesisyon! My goodness, Christian, I am so disappointed with your suggestions! Grade school pupil ba ang kausap ko ngayon!”

Napatigil siya sa bukana ng parking lot dahil sa tinuran nito. Disappointed din siya sa kanyang sarili. “I am... sorry, Sir.”

Halos mabingi siya nang ibagsak ng kausap ang telepono. Punong-puno ito ng animosidad. He really was in a big trouble. Kung ano-ano ang pumasok sa kanyang utak.

Sa pagkakakilala niya sa kanyang ama, hindi ito papayag na hindi masunod ang gusto nito lalo’t may kinalaman sa negosyo. Nabalisa siya.

Naisip niyang huwag nang mag-leave para asikasuhin ang gusot na ito.

Nakaugalian na niya tuwing December 16-26 na pumunta sa nabili niyang maliit na isla na sakop pa rin ng San Bartolome. Taun-taon ay pinalilipas niya ang Kapaskuhan sa maliit na bahay na pinagawa niya sa gitna ng mapunong gubat.

Maiiba ang routine niya ngayon. Sa halip na

matahimik na Pasko ay mukha yatang balisang bakasyon ang nakikini-kinita niya dahil sa banta ng ama.

“Kuya Christian, why not enjoy your life? Puro ka na lang negosyo. Have some girlfriends and explore the world. Tatanda kang binata sa kaaatupag ng mga negosyo mo. You may have a lot of money but I bet, it never gave you maximum happiness,” ang sabi sa kanya ng nakababatang kapatid na si Art nang dalawin niya ito sa ospital. Aksidente kasi itong nabaril. Noon lamang sila nakapag-usap ng tungkol sa ganoong paksa.

Napapangiti siya. Naisip niyang may punto ang kapatid. For the past thirty years of his life, their companies were his world and his business was his life. He never had any single chance of socialization. No party, no bar, no everything about being single... just pure work.

What a boring life! Subalit wala siyang magagawa. Iyon ang gusto ng kanyang ama. At kapag gusto ni Don Roman, dapat lang siyang tumalima dahil kung hindi, malalagay sa peligro ang kanyang mana. He couldn't afford to be a beggar in the future.

Do something to get the lot, susog ng kanyang utak.

Heto na naman siya; muli nagtatalo ang kanyang isip at kalooban. Habang naiisip niyang maging malaya at magsawa sa pagiging binata, tila idinidikta ng kanyang puso na gumawa ng paraan upang makuha ang lupa ayon sa kagustuhan ng magulang.

What should I do! Do something, Christian. Think for a way! aniya sa sarili.

“You will really be sorry If you don’t settle this one!” Hindi mawala sa isip niya ang huling pangungusap na binitawan ng ama.

Aburido siyang nagtungo sa kinaroroonan ng kanyang *Ford Expedition*. Hindi niya pinansin kung may makabangga man siya sa mga nasasalubong niyang tao sa parking lot. Padarag niyang binuksan ang pinto ng sasakyan nang biglang may humatak sa kanya. Mabilis itong yumakap sa kanya.

Bigla siyang nawalan ng panimbang. Gayundin ang estranghero na babae pala. Nabuwal sila at bumagsak sa front seat ng sasakyan. Nakapaimbabaw siya sa babae sabay sapol ng kanyang labi sa mga labi nito. Nabigla at naguluhan siya sa pangyayari nang gumalaw ang mga labi nito.

Tila nakuryente siya nang maramdaman ang mga labi nito. Maging siya ay nagitla sa kanyang

My Christmas Romance - Iya Ruiz

aksyon nang tugunin niya ang mga halik nito. Naging mapusok at maalab ang halik na iyon hanggang sa maalala niyang nandoon pala sila sa isang public place. Ni hindi niya kilala kung sino ang kasama niya.

Hihiwalay at tatayo na sana siya nang pigilan siya ng babae. Napamaang siya.

2

“Sandali,” anang babae nang magtangkang tumayo si Christian matapos silang mabuwal at bumagsak sa front seat ng kanyang sasakyan. Her voice was full of urgency. “Alam kong nabigla ka. Sorry! Hindi ko sinasadya. Hindi tayo magkakilala, but I damn need your help. Please.”

“What!” aniya sa pagkabigla. “You want me to make love with you? Is that the help you want to get from me? Nababaliw ka na ba?”

Tatayo na sana siya uli nang muli siyang pigilan nito. “Wait, please! Huwag kang tatayo! May humahabol sa akin at gusto akong saktan,” anito. Kita sa mga mata nito ang matinding pag-aalala kaya medyo napahinuhod siya. Nakaupo na sila nang mapagtanto niyang hindi naman hitsurang mumurahin ang babae.

“Bakit ka hinahabol? Snatcher ka?” aniya kahit sa tingin niya ay matino naman ito. He could notice the authority in her voice everytime she talked.

“Mahabang kuwento, Sir!” pag-aalala nito, sabay yuko nang may makita yatang kung sino. Napalingson

siya sa unahan ng sasakyan. Isang lalaking magulo ang hitsura ang palingon-lingon sa kanilang kinaroroonan. “Nandiyan siya, Sir! Please naman, utang-na-loob! Gagawin ko ang lahat na iutos ninyo, patakbuhan mo lang ang sasakyan mo palabas dito sa mall, palayo dito sa Cavite!” Nakayuko pa rin ito habang nagsasalita.

“Sandali.” Akmang lalabas siya ng sasakyan.

“Wait, ano ang binabalak mo?”

“Malay ko ba kung pinagnakawan mo ang lalaking ’yan kaya ka hinahabol. Gaya nga ng sinabi mo,” aniya habang nakadungaw sa bintana. Nagtakip ito ng mukha. “Hindi kita kilala. Mahirap nang hindi ako nakakasiguro sa tinutulungan ko.”

Halata sa mukha ng estranghera ang matinding takot gayunpaman nais niyang makatiyak. Sa negosyo kasi ay nasanay na siyang huwag basta-basta magtitiwala sa kausap, kliyente man ito o investor. Dahil kung hindi ay maloloko at malulugi lamang siya.

Maganda ang babae. Matangkad ito at may mahabang buhok. Kapansin-pansin ang matangos nitong ilong at mapupulang labi na nagkukubling mapuputi at pantay-pantay nitong ngipin.

Ang nakatawag ng kanyang atensyon ay ang mga mata nito. Mga mata na bagaman hindi chinita ay kinakitaan niya ng pag-aalala at matinding takot. Hindi siya sigurado kung atraksyon man iyon. Kung oo, naisip niyang hanggang doon lang iyon. He still had a business deal to attend to plus his father's demands.

“This is a matter between life and death, Sir! So please...”

Bago pa man siya nakapagsalita ay may bumundol na sa kanya. Nakita niyang dumapa sa front seat ng sasakyan niya ang babae nang humampas sa bintana ang kanyang katawan.

“Anak ng...!” aniya, sabay baling sa nambundol sa kanya. “Don't you know how to walk slowly!” asik niya sa lalaking bumundol sa kanya na napagsino niyang ito ang pinagtataguan ng babae sa loob ng kanyang sasakyan.

“Bakit? Ano ang problema mo kung tumakbo ako rito?” mayabang nitong tugon. Mabalasik ang mga tingin nito.

“You will be in trouble, Imbecile!”

“Wag mo akong ini-English, you don't know who I am!”

Muntik na siyang mawalan ng balance nang itulak siya nito. “I don’t have to know you, Imbecile! Ako ang dapat na kinikilala mo dahil nandito ka sa teritoryo ko!” pagsisinungaling niya para masindak ang lalaki. Sa physical features bilang half-Japanese ay hindi nga ipagkakamaling siya o anak siya ng may-ari ng naturang mall. “Kaya kung ayaw mong ipakaladkad kita sa mga guwardya, lumabas ka na sa mall ko at huwag ka nang babalik!” aniya, sabay turo sa daan palabas ng parking lot.

Nakipagtitigan siya nang masama sa estranghero. Bayolente nga itong tingnan lalo na kung magsalita.

Nagpalinga-linga ito at nang mapunang pinagbubulungan na sila ng ilang dumaraan ay tumalikod. “Hindi pa tayo tapos,” anito nang lumingon ito sa kanya. “Sa susunod na pagkikita natin, sisiguraduhin kong hindi na kita palalampasin!” Tuluyan na itong umalis.

Pumasok siya sa loob ng sasakyan nang makalayo na ang mayabang na lalaki. Bumangon na ang babae at umusod ito patungo sa front passenger seat nang pumasok siya sa driver side. Akmang babuhayin na niya ang makina nang magsalita ang kasama.

“Talaga bang ikaw ang may-ari nitong mall?”

Napatingin siya rito. “Bakit? Hindi ba halatang mayaman ako?”

“Halata naman pero...”

Napapailing siya. “Ang totoo, hindi talaga ako ang may-ari nito. Nagsinungaling ako para lang masindak ang mayabang na ’yon.”

napatango ito. “Maraming salamat,” sabi nito.

“Yon lang?”

“Bakit? Ano pa ba, Sir?”

Napapangiti si Christian. “In business, we never have deals without profit.”

Naguguluhan ang anyo ng babae habang nakatingin sa kanya. “I totally don’t understand what you mean. We’re not in business. But I know what you did is really a big help. Maraming salamat.”

“You don’t get me,” aniya, sabay patakbo ng kanyang sasakyan palabas ng mall. “I am not contented with words of gratitude alone. I could have been in trouble with your arrogant and feeble-minded boyfriend. Gaya nga ng sinabi mo, gagawin mo lahat ng iutos ko kapalit ng ibinigay kong tulong. Ang bilis mo naman yatang makalimot.”

“Hindi ho Sir, hindi ko nalilimutan. Tama ka, kailangan kong tuparin ang kasunduan. Pero sana ’yong kaya ko lang gawin ang ipagagawa mo.”

“You owe me ten wishes.”

“Ten? Grabe naman! Three lang!” angal nito.

“Three wishes! Bakit, genie ka ba na lumalabas sa bote para sabihin ’yan? Ayaw mo? Sabihin mo lang dahil—”

“Hindi!” mabilis na sabad nito dahil naiisip na baka hanapin niya ang lalaking nakabangga niya para pilitin itong sumama sa nobyo. “Ano ho ba ’yong ten wishes ninyo?”

“Sa ngayon, wala pa akong maisip, pero makakaisip din ako. Para kasing nilipad ang utak ko sa yabang ng boyfriend mo. Pambihira, paano kaya niya nasisikmura na pagbuhatan ka ng kamay... sa ganda mong ’yan.”

Kumunot ang noo nito sa pambobola niya. “He was my boyfriend before, hindi na ngayon. Hayop siya!”

“Oh, I am sorry to hear that. Pero bakit parang malaki pa rin ang interes sa ’yo? Hindi ka niya hahabulin nang ganoon kung wala na siyang

pakialam.”

Tumahimik ang babae. Naisip niyang ayaw nitong pag-usapan ang detalye ng mga pangyayari. Wala rin naman siyang pakialam. “Ang kotse ko!” sigaw nito.

Napapreno siya. Lumabas sa sasakyan ang babae at hinabol ang asul na *Mercedes-Benz*. “Hindi mo ’yan maaabutan kung makikipag-marathon ka sa carnapper! Bumalik ka rito at habulin natin! Basta, malaki-laki na ang disturbance fee mo sa akin, Miss. Hindi ako papayag na kiss lang ang magiging pabuya ko!”

“Tama na ang kalokohan! Parang awa mo na, habulin na natin ang sasakyan ko!” pagmamakaawa nito nang makasakay nang muli ito sa kanyang kotse. Pinatakbo niya iyon kaagad. “Kailangan nating maabutan ang asul na *Mercedes-Benz* dahil hindi ko pa natatapos hulugan ’yon!”

Nakita niya ang kotse sa di-kalayuan kaya lang medyo mabigat ang daloy ng trapiko. Lumiko ito sa isang kalye subalit hindi nila kaagad nasundan dahil may humarang na isang ten-wheeler truck. Nang makaraan ang ang dambuhalang sasakyan ay kaagad siyang lumiko sa dinaanan nito subalit mabilis na nakatalilis ang carnapper.

“Shit!”

Naiiyak na ang babae dahil sa nangyari sa sasakyan nito. Naawa siya rito. “I’m sorry about your car. Christian de la Merced ang pangalan ko.”

“I am Lou...” Napatigil ito. “My name is Sherene.”

“Lou Sherene?”

Umiling ito. “Sherene lang.”

“Ikaw lang ang taong nakakalimot ng pangalan. Niloloko mo ba ako? Kotse mo ba talaga ’yon?”

“Sherene Lopez Arias ang buo kong pangalan at akin talaga ang kotse na iyon kaya please pakibilisan ang takbo.”

“Nababagalan ka pa sa lagay na ’to?” Naisip niyang kaya ‘Lou’ ang una nitong nasabi dahil iyon pala ang middle name nito. “Can’t you see na wala na ’yung kotse? Bakit mo ba kasi iniwan nang nakabukas at pati ’yung key, bakit di mo dinala?” Pasigaw na siya kung mag-interrogate.

“Maiisip ko pa ba ’yon?” Tumunog ang cellphone nito. Napahiyaw siya matapos makausap ang caller. “Walanghiya ka talaga, Donald Torrecampo! Sinusumpa kita! Mamatay ka na!”

Bigla niyang itinigil ang sasakyan. Halos mabingi siya sa sigaw ni Sherene.

“Sige, iiyak at isigaw mo lang ’yan. In some way, it will help you.”

“It won’t help me at all. Hindi maibabalik kotse ko, ang tiwala ko sa sarili ko, ang trabaho ko, ang buhay ko! I am so miserable!”

Akala ni Christian ay siya na ang pinakamiserableng tao sa mundo dahil sa tatlumpong taong pagiging sunud-sunuran niya sa ama. Masuwerte pa pala siya.

“May paraan para makalimutan mo ang lahat ng ito.”

“Paano?”

“Pupunta tayo sa *Isla Cassandra*, pag-aari ko ’yon,” walang paliguy-ligoy na tugon ng binata. “You owe me ten wishes, remember? This is the first one. Uminom tayo sa *Isla Cassandra*.” Ipinangalanan nito ang isla nilang alaala ng yumaong kapatid na babae.

Hindi na nakatanggi pa ang babae. Siya man ay napamaang sa kanyang ideya.

“Napakaganda pala ng isla mo, Christian!”

manghang bulalas ni Louella nang dumaong sila ni Christian sa tinutukoy nitong *Isla Cassandra*. “Sa ’yo ba talaga ito?” Nilingon niya ang binata matapos nitong tumalon mula sa bangkang de-motor na sinakyan nila.

Ngumiti ito. “Bakit? Mukha ba akong nagbibiro?” tanong nito, sabay baling sa silangan kung saan masisilayan ang isang mapunong bundok na tila isang nakadapang buwaya. Lalo lang niyang na-appreciate ang mala-paraisong lugar na iyon. The place was so awesome!

“Hindi naman,” pakli niya nang lumapit siya sa kinatatayuan nito. Lalo siyang namangha nang unti-unting sumisikat ang araw. “I was just amazed by the beauty of nature. Masyado kasi akong nababad sa kaguluhan ng lungsod.”

“Talaga? Ako rin, I grew up in the city. Pagka-graduate ko ng kolehiyo, sinanay na ako ng tatay ko sa pagpapatakbo ng mga kompanya namin. Pero I see to it na nakakapagbakasyon din ako kahit konti. Five years ago nang mabili ko ang islang ito. Simula noon, dito ko na pinalilipas ang Pasko ko.” Sumalampak ito sa buhangin.

“Nang mag-isa?”

“Oo,” matabang na sagot na ito. “Gaya mo, nagsasawa na rin ako sa ingay ng lungsod. God, you don’t have any idea with the nature of my work. I am chiseled with a lot of mind-cracking and stress-causing paperworks and investors’ meetings. A short vacation alone is my reward to myself.”

“Wala ka bang pamilya?” untag niya. “Gusto mo palang mag-isa, bakit isinama mo ako rito? Hindi kaya ako pagselosan ng asawa mo? Bakit hindi sila ang isinama mo rito? At saka—”

“Iniimbestigahan mo ba ako?”

“Ha? Hindi, ah.”

“Pambihira ka kung makapagtanong,” halatang biro nito. Tumayo ito at humarap sa kanya. “Isa-isa lang. Sa una mong tanong... oo, may pamilya ako. Sino ba naman ang wala? Sa ikalawa naman kung bakit isinama kita rito dahil gaya nga sinabi ko, gusto kong makipag-inuman. Mahirap makipag-inuman sa sarili. Siguro naman, naiintindihan mo ’yon. ’Wag kang mag-alala, hindi ka pagseselosan ng kahit na sino.”

Napakurap siya. Ngayong kalat na ang liwanag sa buong isla ay kitang-kita na niya ang hitsura ni Christian. Iginuhit ng maliit na distansyang

nakapagitan sa kanila ang aristokratiko nitong kaanyuan simula sa matangkad at matikas nitong tindig hanggang sa matipuno nitong pangangatawan. Pangangatawang nababakat sa semi-fit nitong polo at itim na slacks. Inalis na kasi nito ang pang-ibabaw na coat. Ang lalong nakatawag sa kanyang atensyon ay ang maputi nitong balat at ang singkit nitong mga mata. Mga matang bagaman maliliit ay larawan ng kalungkutan at pag-iisa.

Donald is a devil sa salita at sa gawa. But Christian... he is an angel who saved you kaya hindi nakapagtataakang magustuhan mo siya kaagad, anang puso niya.

“Wala akong asawa’t anak, Sherene,” anito. “Maybe lack of time and opportunity is the best explanation to that.” Namutawi sa mga labi nito ang isang makahulugang ngiti. “Maliban doon ay masyadong na-focus ang lahat ng oras at atensyon ko sa trabaho kaya inabot ako ng treinta, single pa rin ako.”

Sumalampak na rin siya sa buhangin. “Para sa akin, wala namang masama sa pagiging single. Being single but happy and contented is better than having a partner who treats you like a shit! Bullshit!”

Halatang nabigla ito sa kanyang sinabi. “Bullshit?”

'Yung lalaking 'yon?'

Tumango siya. Muli siyang nakaramdam ng kirot sa kanyang puso dahil kay Donald. Hindi niya mapigilang mapaluha. "Hayop siya..." mahina niyang usal. "Mga hayop sila!" Isang maliit na sandstone ang pinulot niya, sabay hagnosis sa dagat nang buong lakas. Inilabas niya ang kanyang galit. "Hayop ka! Walanghiya ka, Donald!" Hindi na niya namalayan ang sarili na paulit-ulit na ang ginagawa niyang pagbato pati na rin ang pagmumura sa walanghiyang ex-boyfriend. "Binigay ko sa 'yo ang lahat pero ano ang isinukli mo? Panloloko! Mamatay ka na! Ilang taon akong nagpakatanga sa 'yo! Walanghiya!"

Tahimik lamang si Christian habang pinapanood siya sa kanyang pagwawala. Alam nitong kailangan niyang palayain ang kanyang emosyon.

Napagod siya sa kanyang ginawa kaya napahiga siya sa buhangin. Tila naghahabol siya ng hininga. Wala ring patid sa pagdaloy ang kanyang luha. Ganoonpaman ay tila nabawasan ang bigat na kanyang dinadala.

Inabutan siya nito ng panyo. "How does it feel?"

Hindi siya kumibo ng ilang sandali. Pinahid niya ang kanyang luha. "Medyo nabawasan nang kaunti

ang bigat. Pero hindi naubos, eh.”

Humiga rin ito sa buhangin. “I know. Hindi talaga mauubos ’yan kaya kung gusto mong umiyak, sige lang. Pumalahaw ka pa. Just don’t mind me.”

Lalo siyang nagtaka sa sinabi nito. “Hindi na. He’s not worth it!” aniya, sabay pahid sa ilang nalaglag na luha.

“Oh, come on. Hindi worth it pero kanina ka pa punas nang punas diyan. ’Yung ginawa mo kanina pati na ang pagluha mo ngayon ay parang first aid lang kumbaga sa pasyenteng nasugatan. Nakakabawas ng kaunting hapdi pero siyempre hindi nakakapagpahilom ng sugat.”

Bumangon siya. “Doktor ka ba? Ano ’yang pinagsasabi mo?”

“I’m not a doctor. But I’ve been bleeding for so many times. As we all know, life is not always a bed of roses. Most often, it causes us tears and miseries so we have to find some outlet. Ikaw rin, kapag ikinahon mo ’yan diyan sa dibdib mo, kusa ’yang sasabog. Aatakehin ka pa sa puso.”

Hindi niya namamalayang napapahanga na siya sa mga lumalabas sa bibig ni Christian. He was a man full of wisdom. Malayong-malayo ito kay Donald

kung sa ganoong katangian ang pag-uusapan.

“Tama ka, Christian,” nasabi na lang niya.
“Salamat, ha?”

Ngumiti ito kaya lumitaw ang mga biloy sa magkabila nitong pisngi. *He really is an angel*, naisip niya. Those Japanese eyes highlighted his angelic feature. Napangiti rin siya.

“Señorito, handa na po ‘yong lamesa,” agaw ng isang tinig. “Pinalamig ko na rin po ‘yong inumin na sinabi ninyo.” Isang matandang babae ang lumapit sa kanila.

“Very good, Aling Editha. Nas’an po pala si Mang Melchor?”

“Lumuwas ho sa bayan kagabi. Pabalik na po siya.”

Napatangu-tango ang binata. “Ganoon ba?” Bumaling ito sa kanya. “Tara na sa bahay.”

Hindi na nakatanggi pa si Louella nang hawakan siya nito sa kamay at iginiya siya papasok sa gubat. Nakita niyang ngumingising nakasunod lamang sa kanila ang matandang tagasilbi.

3

“Lunurin natin sa alak na ito ang lahat ng problema natin sa buhay!” ani Christian, sabay angat ng baso ng brandy. Nakita niyang ngumiti lamang si Louella saka iniangat din nito ang sariling baso. Red wine ang laman niyon. “Para sa kaligayahan!” dugtong niya, sabay lagok. Sa nakalipas na dalawang araw nila sa isla, ilang beses na rin silang nagkakainuman.

“Kaligayahan?” tanong ng babae. Kasabay ng naturang inuman ang conversations nila tungkol sa kung anu-anong paksa. Marami na silang napagkuwentuhan tungkol sa isa’t isa.

“Wala, nasabi ko lang,” sagot niya na nagsalin uli ng brandy. Ngumiti siya; ano nga ba ang ibig niyang sabihin? Kaligayahan? Sa naaalala niya kasi sa buong tatlumpung taon niya sa mundo, tanging mga naisasara niyang deals sa negosyo ang naging kaligayahan niya. Sa larangan ng pag-ibig... walang-wala!

“Maniwala ako sa ’yo. If I know, daan-daang babae ang nagkakandarapa sa iyo,” pambubuska ni Louella.

“Well, hindi maiiwasan iyon,” pagmamayabang niya. “Sino ba ang hindi magkakagusto sa mala-Koreanovela hero features ko, Sherene. But I just don’t mind them.”

“Duh! Hindi ka rin naman mayabang, ano! Kayo talagang mga lalaki, kahit kailan, laruan lang talaga ang tingin sa aming mga babae. If I know, pare-pareho ang kulay ng dugo ninyo!”

“At ano’ng kulay?”

“Malapot-lapot na itim!”

Nasamid siya sa sinabi nito. “Aling Editha, tubig nga, please!” Kaagad namang nagdala ng tubig ang matandang tagasilbi at umalis din. Napangiti si Louella sa kanyang naging reaksyon. Idamay ba siya sa masasamang-loob. “Bakit naman itim? Malapot-lapot pa!”

Napahagalpak ito sa tawa matapos uminom ng alak. “Ano ba dapat? Aba, karamihan sa inyo ay walang ibang ginawa kundi paiyakin kaming mga babae. May ilan pa na kung umasta ay parang mga berdugo ni Satanas!”

“Wag mo namang lahatin,” saway niya.

“Bakit, nilalahat ko ba? Ang sinabi ko, karamihan!”

“Ganyan, karamihan at hindi ako kasama sa karamihang iyon.”

Nakita niyang tumayo ang dalaga at bumaling sa bintana saka hinawi ang kurtinang apple green ang kulay. Pumasok ang banayad na hangin sa dining room na kinaroroonan nila. “Hindi nga? Sinasabi mo lang ’yan para maging kampante ako at huwag akong mag-alalang nasa panganib ako dito sa isla mo.” Nahalata niya ang pagbibiro nito. Lumagok uli siya ng brandy.

Tumayo rin siya at minasdan ang kagandahan ng kalikasan na nakaguhit sa labas ng bintanang iyon. “This island is a paradise. A great, great paradise.”

“Iniiba mo ang usapan, Mr. de la Merced,” anito nang bumaling sa kanya. “May tama ka na siguro.”

“Hindi, ha,” aniya. “Gaya nga ng sinabi ko, this place is a paradise, my own kingdom. I don’t allow bad vibes in this place, Sherene. Kaya dapat lang na maging kampante ka dahil walang sinuman ang makakapanakit sa ’yo rito. Tratuhan mong iyo ang lugar na ito pansamantala.”

Bumalik siya sa dining table at muling nagsalin ng alak sa kanyang baso pagkatapos ay pumanaog siya sa garden. Sumunod lamang ang babae na dala-

dala rin ang baso nito. Napansin niyang nagsisimula nang mamukadkad ang mga rosas na inaalagaan ng mag-asawang katiwala niya.

“Madalas, gusto kong takasan ang daigdig... ang magulong buhay sa Maynila. Dito lang ako pumupunta. Hindi ito alam ng pamilya ko. I am willing to share it with you.”

“Bakit?”

“Because I know you need it. Naiintindihan ko ang sitwasyon mo. Alam kong nais mo ring takasan ang nakaraan mo. I saw that need to escape during the night that we bumped into each other.”

Nakita niyang nagbago ang ekspresyon nito. Umupo ito sa isang wooden bench sa gitna ng garden. Ipinatong nito sa tabi ang baso at nilaro ng kamay ang ilang buko ng rosas. Inilapag niya rin ang baso.

“Naisip ko rin ’yan n’ung gabing ’yon, pero walang mangyayari kung patuloy akong tatakbo. Lalo lang akong hahabulin. Mas makabubuting harapin ko ito nang matigil na.”

“Hindi makabubuti iyon, Sherene. Matatalo ka lang.”

Napatingin ito sa kanya. “Bakit naman?”

“Because you are still very vulnerable. Sabi nga nila, hindi tayo makakapag-isip nang matino kung puno ng galit ang loob natin. Most likely we’ll fail if we choose to go on fighting. Makabubuting mag-apon ka muna ng lakas at tapang para sa sandaling makaharap mo na ang problema, siguradong sa ’yo ang panalo.” Nakipag-toast siya sa dalaga at sabay nilang nilagok ang nalalabing alak sa kani-kanyang baso.

“Nagtataka lang ako. How can a rich man like you think that way? Nakakapanibago. Most of rich men I knew are irrational when it comes to life and women.”

Napangiti siya. “Alam mo, I belong to the endangered species,” tugon niya, sabay hagalpang tawa. Siya man ay nagtataka sa kanyang sarili. Wala sa plano niya ang ganitong eksena. All he wanted for this vacation was to unwind alone in that secluded place. Pero heto siya at nakikipag-usap sa isang taong nang nakaraang gabi lang pumasok sa kanyang nakababagot na mundo. Umupo siya sa tabi nito. “Konti na lang ang mga tulad ko kaya masuwerte ang mga babaeng pinag-uukulan namin ng panahon. A minute with us is more than a privilege. It is a gift... a heaven-sent gift.”

Nabigla siya nang tapikin nito ang kanyang braso, sabay kurot doon. “Lasing ka na nga, Mr. de la Merced! Kung ano-ano na ang mga ipinagsasabi mo!”

“Anong lasing? Ako pa!” pagmamalaki niya, sabay tayo. “Ni hindi nga ako tinamaan,” patuloy niya kahit na nakakaramdam siya ng kaunting pagkahilo. Ramdam din niya ang pag-init ng kanyang mga pisngi.

“Ang yabang talaga nito. Manalamin ka nga nang makita mong ang pula-pula na niyang mukha mo.”

Muli siyang umupo sa tabi nito. “Hindi. But seriously, I don’t want to hurt any woman. Naniniwala kasi ako na ang mga babae ay nararapat na inirerespeto at itinataas sa pedestal. Kaya pag sinabi kong maging kampante ka, I really mean it. I may not be a knight in a shining armor or a Greek god with absolute power, but I can protect you as much as I could. Pangako ko ’yan.”

Nakita niyang nagtaas ng kilay si Sherene. “Talaga lang, ha? Oh, niligtas mo nga pala ako kagabi kaya dapat lang akong maniwala. Ay, hindi pala. May kapalit na ten wishes kaya hindi rin.”

“Pambihira, pati ba ’yon isusumbat mo pa sa akin?”

“Hindi ko isinusumbat iyon, ha! Thankful pa nga ako.”

“I was just joking with that ten wishes. Gusto ko lang talaga na may kainuman at makakausap. Para kasing sasabog na itong dibdib ko. Mabuti na lang at dumating ka. At least, naging shock absorber natin ang isa’t isa,” paliwanag niya.

Lumabi ito.

“Pero, siyempre, iba pa rin ang may taong kausap. Sa buong taon kasi, kadalasan mga libro, ledgers, at laptop ang kaharap ko. Madalas man na may meetings ako pero panay negosyo din ang topic. Ni mga kapatid ko nga bihira kong makausap nang matino. Mas madalas, nagsisigawan lang kami. Nakakasawa ang ganoong set-up.”

“Ganoon ba talaga kayong mayayaman?”

Nagkibit-balikat si Christian. “Ewan ko. Siguro, nawalan lang kami ng time mag-bonding. Work and priorities created the gap between the three of us.” Nakaramdam siya ng matinding bugso ng kalungkutan. Simula kasi nang mamatay ang kanilang ina at mawala ang kanilang kapatid na babae noong ten years old siya, nawalan na rin ng panahon sa kanila ang kanilang ama. Nagumon ito sa

negosyo habang silang magkakapatid ay nagkaroon ng malaking gap.

“Ikaw ang panganay, bakit hindi ikaw ang mag-reach out? Siguro ito na ang tamang panahon para doon. It’s Christmas, Christian. Its essence is about acceptance, love, and forgiveness. Maraming taon at pagkakataon ang nasayang at patuloy na masasayang kung mananatiling ganyan ang set-up ninyo sa pamilya. Ikaw na rin ang nagsabi, nakakasawa ang ganoon.”

Tumango siya subalit hindi niya naisatinig ang gusto niyang sabihin. Gusto niyang gawin ang mga iminungkahi ni Louella, subalit hindi niya alam kung paano. Milya-milya ang layo nilang magkakapatid, lalo na sa ikalawa nilang si Terrence na palaging galit sa mundo.

“Tara, samahan mo ako.” Hinawakan niya ang kamay ng dalaga at iginiya pabalik sa baybayin. Napamaang na lang ito nang pulutin niya ang ilang sandstone at ibinabato sa alon habang sumisigaw.

“Christian! Ano ba’ng ginagawa mo? Bakit ka nagwawala?”

“I want to release the tension in my heart. Kung gusto mong akong gayahin, go ahead. Alam kong

masama pa rin ang loob mo sa hayop mong ex-boyfriend.” Muli siyang humarap sa dagat, ibinato ang isang sandstone sa tubig habang sumisigaw.

Hindi na nagdalawang-isip pa ang dalaga. Sumigaw rin ito matapos maghagis ng bato sa alon. Magkasabay nilang pinakakawalan ang mga namumuong galit, pag-aalala, takot, at pangamba sa kanilang mga loob. Matapos niyon ay sabay silang nakaramdam ng pagod kaya napahiga sila sa buhangin nang tila naghahabol ng hininga, subalit gumaan ang kanilang pakiramdam.

Hindi mapigilan ni Christian ang pag-alon sa kanyang dibdib nang magtama ang kanilang mga paningin. Umusbong doon ang isang estrangherong pakiramdam na tatlumpong taon ding hindi niya nasumpungan.

“Salamat, Christian. Maraming salamat.” Hindi na siya tumugon pa, sa halip ay ngumiti lang siya. Hanggang ngayon kasi ay pinipilit pa rin niyang inuunawa ang ibig sabihin ng mga pintig na iyon sa kanyang dibdib.

“Tulungan na kita diyan, Aling Edith,” ani Louella nang makita niyang abala sa pagluluto ang

tagasilbi. Kinuha niya ang bandehadong naglalaman ng smoked salmon at grilled shrimps. “Okay na ho ba ang lahat ng ito?”

“Naku, Señorita!” anang matanda. Nagtaka siya sa reaksyon nito maging sa itinawag nito sa kanya. “Magagalit si Señorito! Ako na lang po. Ilapag na lang ho ninyo ang mga bandehado.”

“Bakit naman siya magagalit? Para ito lang. At saka, tawagin mo na lang akong... Sherene.” Kamuntik na siya sabihin ang tunay na pangalan. Hindi na siya nagpapigil pa. Dinala niya ang mga bandehado sa dining table saka iniayos iyon sa gitna ng lamesa. Sumunod ang kausap na dala ang rellenong tilapia at kalderetang kambing. “Alam mo, Aling Edith, hindi ako sanay na walang ginagawa kaya hayaan na ho ninyo ako. At saka hindi n’yo naman ho ako amo rito.”

“Kahit na po,” sagot nito na nag-aayos ng dinner plates at mga kutsara. “Bisita niya kayo kaya magagalit siya sa amin kapag nalaman niyang pinatutulong ko kayo.”

“Ako na ang bahala sa kanya. Hindi naman ninyo ako pinatutulong, ako itong nagkukusa.”

“Magiging amo rin ho namin kayo kapag ikinasal

na kayo ni Señorito kaya amo ka na rin namin,” katuwiran nito, sabay punta sa kusina. Sumunod siya, labis niyang ipinagtaka ang mga sinabi nito.

“Tkinasal po? Ay, hindi po,” pagsalungat niya, sabay kuha ng isang pitsel ng iced tea. Pinagkaabalahan naman ng katulong ang pagsandok ng kanin. “Magkaibigan lang po kami. Ni hindi po kami magkasintahan kaya imposible pong....” Natigil siya sa pagsasalita nang ngumiti ang matandang tagasilbi.

“Ma’am naman, doon din ho papunta ’yan.”

“Ha? Ano’ng ibig n’yong sabihin?”

Naikuwento ni Aling Editha na limang taon nang nagsisilbi ang mga ito sa poder ni Christian. Gayunman ay hindi nagpakita ng masamang ugali ang binata. Sa halip ay itinuring pa sila nitong parang tunay na mga magulang. Matalik kasi nitong kaibigan ang namayapa nilang anak na si Gerol. Napaiyak ang matanda nang mabanggit ang huli.

“Suplado lang tingnan ang amo naming ’yan dahil masyadong babad sa trabaho. Ang dinig ko, istrikto din siya sa mga empleyado nila pero kung makikilala mo lang nang lubos si Christian, hahanga ka sa kabutihan ng puso niya lalo na sa mga babae at sa tulad naming mahihirap.”

“Napuna ko rin ho iyon. Malaki ang naitulong niya sa akin.”

Sumunod na lang siya nang dalhin ng matanda sa dining room ang bandehadong may lamang kanin. “Kaya huwag mong palalampasin ang pagkakataon, Hija.”

“Pagkakataon po?”

Iginiit nito na bagay talaga sila ni Christian kaya nakaramdam siya ng hiya at pagkaasiwa.

Nag-iwan ito ng isang makahulugang ngiti bago bumalik sa kusina. Muli siyang nakaramdam ng matinding pagkailang. Bakit naisip nitong bagay sila ni Christian? Isang araw pa lang silang magkakilala at ni hindi man lang ito nagpapakita ng motibo. Siya man ay hindi pa handa sa ganoong usapin dahil sariwang-sariwa pa ang sugat na likha ng nakaraan.

She might be attracted to Christian physically, subalit hindi iyon dahilan para magpasakop siya rito. Hindi nila maaaring samantalain ang kanilang vulnerability para lamang sa pisikal na atraksyon.

“Kung hindi mo mahal ang binata namin, bakit ho kayo natutulala nang ganyan?”

“Po?” Nabigla siya sa paglabas muli ni Aling

Editha.

“At nabingi pa!” pabirong saad nito na nagdala ng pork barbecue. “Tawagin na siguro natin si Señorito. Handang-handa na ang pananghalian natin.”

“Ako na po,” aniya.

Kaagad siyang pumanhik sa ikalawang palapag. Nakita niyang bukas ang inookupang silid ni Christian. Dahan-dahan siyang lumapit dahil ang alam niya ay natutulog ito. Tulog nga ito kaya hindi siya gumawa ng anumang ingay habang papalapit dito. The man was half naked. Hindi niya napigilan ang kanyang sarili na suyurin ang kahubdang iyon.

Mahina itong humihilik. Minasdan niya nang mabuti ang mukha ng binata; maamong-maamo iyon. Katangiang bumabalanse sa magagandang katangian nitong kanyang natuklasan. Dahan-dahan siyang umupo sa kutson habang nakamasid pa rin sa natutulog na binata.

Nabigla siya nang gumalaw ang mga braso nito papunta sa kanyang direksyon kaya napayakap ito sa kanya. Tuluyan na siyang napahiga. Akala niya ay gising ito subalit hindi pala. Tinangka niyang kumawala sa pagkakalingkis nito, ngunit muli itong kumilos at hinila siya papalapit. Napapikit siya nang

tila dalawang dali na lang ang pagitan ng kanilang mga labi.

“Kiss me, my angel... kiss me...”

“Christian?” maang niya tugon, subalit napuna niyang tulog pa rin ito sapagkat sinundan lamang ng mahinang hilik ang mga pangungusap na iyon. Hindi niya ito mapigilan nang halikan siya nito. Muntik na siyang magpatangay sa agos ng halik na iyon nang nanumbalik ang kanyang huwisyong at pabalikwas na tumayo mula sa pagkakahiga nang makawala siya sa yakap nito. Humihilik pa rin ito.

Tatalikod na sana siya nang muli itong sumambit ng ilang salita habang natutulog. “Don’t leave me, please... lagi na lang akong iniwan ng mga babae sa buhay ko... si Mama... si Cassy... please, Angel...”

Angel? Sinong Angel? Siya ba ang tinutukoy nito? Hindi maaari!

Nagpasya siyang lumabas ng silid nang matisod siya ng kumot na nakalaylay sa sahig. Bumagsak siya sa wooden floor saka sumalpok ang kanyang noo roon. “Aray!”

“Sherene!” malakas na sabi ni Christian nang mapabalikwas sa kama nang marinig ang kanyang sigaw. “Ano’ng ginagawa mo rito? Ano’ng nangyari?”

Ang ginagawa ko rito? Minamasdan ang pagtulog mo, 'tapos naghalikan tayo habang tulog ka, then heto, nadapa dahil sa katangahan! anang kanyang utak.

Hindi, maling-mali! Nandito ako para i-appreciate ang kabutihan ng loob mo pati na rin ang kagandahang lalaki mo. I was daydreaming when the floor woke me up! sabi naman ng kanyang puso.

“Gigisingin sana kita dahil handa na ang lunch kaya lang napuna kong masarap ang tulog mo kaya lalabas na sana ako nang matisod ako ng kumot mo,” paliwanag niya, sabay tayo habang sapo ang nanakit na noo.

“Pasensya na. Teka...” anito at lumabas ng silid nang half-naked pa rin. Nagtungo ito ng kusina at nang bumalik ay may dalang ice bag. “Huwag kang mag-alala. Mawawala rin ang sakit niyan.”

“Ako na,” aniya dahil naiilang siya.

“Hindi na, kasalanan ko naman kaya hayaan mo na ako. Nangako pa naman akong hindi ka masasaktan dito sa kaharian ko 'tapos hindi pa man natatapos ang araw, magkakabukol ka na kaagad. It was my fault kaya let me do this, for my conscience's sake. I am sorry, Sherene.”

“Ano ka ba? Katangahan ko ang dahilan kaya

magkakabukol ako.” Tiningala niya ito. Hindi niya mapigilang mapahanga sa taglay nitong kakisigan at kaguwapuhan nang ngitian siya nito.

“Shh... tama na, okay?” masuyo nitong turan. “That will be the first and the last time na masasaktan ka. I will make sure of that.”

Ginambala sila ng isang tikhim. “Nakahain na po ang pananghalian,” singit ni Aling Editha na kanina pa pala nakamasid at ngumingisi sa tagpong pinanonood nito. Napapangiti na lang din si Louella. Hindi niya maunawaan kung bakit.